# MUSTASA



Ang mustasa (*Brassica juncea*) ay kabilang sa mga dahong-gulay. Nagtataglay ang mga dahon nito ng mga bitaminang *K*, *A*, *calcium*, *iron*, at *phosphorous*. Maaaring kainin ng hilaw ang mga dahon nito. Pwede din namang iburo o kaya naman ay ilahok sa ulam. Samantala, ang mga buto naman nito ay pinoproseso bilang pampalasa at mantika.

## LUGAR NA PAGTATANIMAN

Magandang itanim ang mustasa sa lupang buhaghag na maraming organikong sustansiya. Mainam kung ang pH ng lupa ay 6.0 - 7.5. Magandang itanim ang mustasa sa mga buwan na maiksi ang araw kaysa gabi upang maiwasan ang maagang pamumulaklak.

## PAGPILI NG BINHI

Pumili ng binhi na angkop sa lugar na pagtataniman. Maaari ding gamitin ang mga binhi na may resistensya sa mga sakit at peste.



## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Bungkalin ang lupang pag tataniman. Mag lagay ng isang kilong pinatuyong dumi ng manok o *chicken manure* at 300 gramo ng *carbonized rice hull* kada metro kwadrado. Gumawa ng mga tudling na may pagitan na 15 - 25 cm.

## PAGPUPUNLA AT PAG LILIPAT-TANIM

Itanim ang mga buto sa tudling sa pagitan na 15 cm at lalim na 2.5 cm. Maaari ding magpunla at ilipat tanim pagkalipas ng apat hanggang anim na linggo. Mas maagang anihin ang mga nilipat-tanim na halaman at mas may panlaban sa sakit at peste.

## PANGANGALAGA

Mag-aplay ng *Fermented Plant Juice* (FPJ) ng isa o dalawang beses sa isang Linggo. Maaari ding gumamit ng manure tea upang lumusog ang mga halaman at tumaas ang resistensya sa mga sakit at peste. Diligan ang taniman dalawa hanggang tatlong beses sa isang linggo o kung kinakailangan. Ugaliin din na tanggalin ang mga damo upang maiwasan ang kumpetensiya sa sustansiya





aticalabarzon
#ISHAREKNOWLEDGE | #ATIiNspire | #ATILEADS



## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Dapulak, diamond back moth at cutworm ang mga pangunahing peste ng mustasa. Makokontrol ito sa pamamagitan ng spray solution (100 g na dinurog na sili sa 16 L na tubig na hinaluan ng 1 kutsarang powder detergent). Maaari ding gumamit ng mga halamang pantaboy sa peste tulad ng amarilyo, sibuyas at cosmos. Itanim ito sa paligid.



Diamond back moth



Cutworm



Dapulak

Maiiwasan naman ang amag, pagkabulok sanhi ng mikrobyo, pagkatuba, batik-batik sa dahon at mosaic virus sa pamamagitan ng paggamit ng malinis na binhi, pagpapanatili ng kalinisan sa taniman at pagtatanggal ng mga halamang may sakit.

## PAG-AANI

Maaaring anihin ang mga dahon simula dalawang buwan pagkatanim o kung ang mga tangkay ay malutong pa. Tanggalin ang mga sira at naninilaw na dahon. Pagsamahin ang tatlo hanggang limang tangkay at talian ng lastiko.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**



aticalabarzon
#ISHAREKNOWLEDGE | #ATIiNspire | #ATILEADS